# Parang Wala Kahit Naroon: Sipat-Improbisasyon sa Kanon ng Kasaysayan ng Dula sa Pilipinas*

*Glecy C. Atienza*

Marami nang nagamit na pangkilatis sa karanasang pandula sa Pilipinas. Nariyan ang paghahalayhay ng mga katangiang mahahanap sa dula sa Pilipinas. Sa *Encyclopedia of Philippine Art* (tomo ng teatro), tinatalakay ang lahat mula sa kasaysayan, mga balon at batis ng mga anyo, mga anyong umusbong, pati mga manunulat at artistang kilala sa kani-kanilang larangan (Tiongson 1994, 1). Nariyan din ang "Dulang Filipino" na nagpahayag ng maliwanag na pamantayan sa pagkilatis sa isang dulang Filipino sa pamamagitan ng RPN o repleksiyon ng kulturang Filipino na makasasagot sa pangangailangan ng nakararami sa loob ng isang panahon (Tiongson 1980, 141-143). Nariyan din ang mahalagang koleksiyon ng sanaysay ni Doreen Fernandez, ang *Palabas* na tumalakay sa mahahalagang pangyayari, tao, at dula na kinilala sa mahabang kasaysayan ng dula sa Pilipinas (Fernandez 1996). Nakahanay din sa bahaging "Chronology of Events in Philippine Theater (1598-1994)" ng akda ni Fernandez ang mga panandang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas. Sukdang balikan pa ang mga akdang tulad ng kina Balmaceda, Alip, Sebastian, Lapena-Bonifacio, at iba pang mananaliksik ukol sa kasaysayan ng dula sa Pilipinas, ay walang salang makapaghahanay ng mga dulang kinikilala nang tulad din ng mga nakahanay sa mga pananaliksik nina Tiongson at Fernandez. Ngunit bakit ang mga ito ang inihanay na mga panandang dula sa pana-panahon? Ang katanungang ito ay magsasanga sa ilang premis ukol sa pagpapakahulugan sa dula at sa katangian ng dula.

## Mula dula, improbisasyon tungo sa kasaysayan ng dula

Karaniwan nang ikinakabit sa salitang dula ang mga konseptong tulad ng teatro, artista, iskrip, pag-arte, stage, costume, make-up, set, props, rihersal, direktor, writer, audience, palakpak. Mula sa mga salitang ito, mahihinuha na ang dula ay karaniwang ipinagpapakahulugan bilang isang ideang ginagawang ganap sa pamamagitan ng representasyon at karanasang nangyayari sa isang espasyong tulad ng entablado. Nagagawa ang ganitong representasyon sa pamamagitan ng paggalaw o representasyon ng isang artistang kakatawan sa isang idea, pagsusuot ng mga kasuotang magbibigay ng karagdagang paglilinaw sa ideang kinakatawan, pagkilos ayon sa ideang nais ipahayag. Bukod sa konsepto